REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

KAPASIYAHAN BILANG 90-137

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKILALA AT PAGPAPAHALAGA KAY MGGL. IGNACIO R. BUNYE, PUNONG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA SA IPINAMALAS NA KATATAGAN NG LOOB SA PAGTATAGUYOD SA LEHITIMONG PAMAHALAAN NOONG NAKARAANG DISYEMBRE 1989 KUDETA.

---

SAPAGKAT, ang tinatamasa nating kapayapaan at kalayaan ay dulot ng kasalukuyang pamahalaan;

SAPAGKAT, ang responsibilidad ng bawat mamamayang Pilipino ag kilalanin at itaguyod ang saligang-batas at ang lehitimong pamahalaan;

SAPAGKAT, ang pangunguna ni Punong Bayan Ignacio R. Bunye sa paglalagay ng barikada sa mga lansangan sa barangay Alabang ay napigil ang suportang manggagaling sa katimugan para sa mga mag-aalsang kawal sa kamaynilaan;

SAPAGKAT, bunga ng barikada sa Alabang ay madaling nalupig ang mga kaaway na kawal ng pamahalaan;

SAPAGKAT, hindi inalintana ni Punong Bayan Ignacio R. Bunye ang sariling kaligtasan upang harapin ang mga nag-aalsang kawal na may malalakas na pamuksa;

SAPAGKAT, ang ipinamalas na kabayanihan ni Punong Bayan Bunye at katatagan ng loob sa panahon ng kagipitan ay dapat maging halimbawa na kailangang tularan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng pagkilala at pagpapahalaga si Punong Bayan Ignacio R. Bunye sa ipinamalas na katatagan ng loob sa pagtataguyod sa lehitimong pamahalaan noong nakaraang Disyembre 1989 kudeta.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 94 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-19 ng Pebrero, 1990.

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg, CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA



Kapasiyhan Bilang 90-137

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan